

Pangmasid sa Araw: Mga Instruksyon sa paggamit



Kabuuang Pag-eklipse ng Araw

Lunes, 21 Agosto 2017



TERMS AND CONDITIONS FOR USE OF SOLAR VIEWER

Please read these Instructions for Use carefully before using the Solar Viewer. Your purchase and use of the Solar Viewer constitutes your agreement to these terms and conditions. Failure to follow these Instructions for Use may result in serious personal injury, including permanent eye damage. If you do not understand these Instructions or cannot follow them diligently and completely, then you should not look at the Sun at any time, with or without a Solar Viewer.

The term "Solar Viewer" refers to the special cardboard-and-polymer optical products, marked "SAFE FOR DIRECT SOLAR VIEWING", manufactured by Rainbow Symphony of Reseda CA, and sold by Eclipse2017.org for the purpose of viewing the Sun during the solar eclipse of August 21, 2017, by or under the direct supervision of a person 18 years of age or above and in accordance with these Instructions for Use.

Observing the Sun directly, without the benefit of eye protection provided by the Solar Viewer, will likely result in serious personal injury, up to and including permanent eye damage and blindness. When these Instructions for Use are followed completely and precisely, the undamaged and unmodified Solar Viewer has been proven to be safe and effective in allowing direct, short-term, viewing of the Sun. If these Instructions for Use are not followed, or if damaged or modified Solar Viewers are used, permanent eye injury could result.

You should never look directly at the Sun, with or without the aid of the Solar Viewer, if you have any temporary or permanent medical or other condition which either (1) prevents your use of the Solar Viewer according to these Instructions for Use, or (2) which predisposes you to an increased or special risk of incurring, worsening, or contributing to the effects of any optical or other medical, health, or other condition, by looking or attempting to look at the Sun.

You should never attempt to perform any other activity (such as driving or walking) while using the Solar Viewer.

You agree that if you let others use the Solar Viewer, you will provide each such user with a copy of these Instructions for Use and will make sure such user reads and understands the Instructions for Use before using the Solar Viewer.

By using the Solar Viewer to view the Sun, you agree with the following:

- (a) you understand these Instructions for Use completely;
- (b) you understand and accept the risks associated with improper use of the Solar Viewer;
- (c) you accept full responsibility for, and assume all risks associated with, the act of viewing the Sun, with or without the use of the Solar Viewer; and
- (d) the Solar Viewer is fragile and any damage to it or modification of it will render it immediately and permanently unusable for its intended purpose.

Release and Limitation of Liability

By way of purchasing and using the Solar Viewer, you are irrevocably releasing, indemnifying, and holding harmless the manufacturer and seller from any liability, loss, claim and expense (including attorney's fees), including but not limited to bodily injury or other personal harm, which may result from using the Solar Viewer under any circumstances or conditions and irrespective of jurisdiction. Neither the manufacturer nor the seller will be responsible for any damages of any kind, irrespective of reasons, conditions or circumstances, including malfunctioning of the Solar Viewer. All risks associated with using the Solar Viewer rest solely and entirely with the user, irrespective of whether the Solar Viewer is used by the original purchaser or any third party. You fully understand and assume the risks in using the Solar Viewer. You confirm that you have read this release of liability and fully understand its terms and that you have given up substantial rights by purchasing and using the Solar Viewer.

THE MANUFACTURER AND SELLER OF THE SOLAR VIEWER MAKE NO WARRANTY OF ANY KIND, EXPRESSED OR IMPLIED, WITH RESPECT TO THE SOLAR VIEWER, INCLUDING BUT NOT LIMITED TO THE IMPLIED WARRANTIES OF MERCHANTABILITY, FITNESS FOR A PARTICULAR PURPOSE, AND NON-INFRINGEMENT. NEITHER THE MANUFACTURER NOR THE SELLER SHALL BE LIABLE FOR ANY OTHER DAMAGES, INCLUDING BUT NOT LIMITED TO DIRECT, INDIRECT, INCIDENTAL, SPECIAL, CONSEQUENTIAL, OR EXEMPLARY DAMAGES, WHETHER IN AN ACTION IN CONTRACT OR TORT (INCLUDING NEGLIGENCE AND STRICT LIABILITY), SUCH AS, BUT NOT LIMITED TO, LOSS OF ANTICIPATED PROFITS OR BENEFITS RESULTING FROM, OR ARISING OUT OF, OR IN CONNECTION WITH THE USE OR FURNISHING OF THE SOLAR VIEWER OR THE PERFORMANCE, USE OR INABILITY TO USE THE SAME, EVEN IF THE MANUFACTURER OR SELLER HAS BEEN ADVISED OF THE POSSIBILITY OF SUCH DAMAGES. IN NO EVENT WILL THE MANUFACTURER'S OR SELLER'S TOTAL LIABILITY EXCEED THE PRICE PAID FOR THE PRODUCT.

Note Regarding Translations

Translations of these Instructions for Use into various languages are provided "AS-IS" and solely for the convenience of the reader. Eclipse2017.org has made reasonable efforts to ensure the accuracy of the Translations; however, in the event of any perceived discrepancy in meaning or interpretation between the English version and any Translation, the English version will prevail. You should not act in reliance on anything contained in any Translation of these Instructions for Use, but should refer to the official English version.


KABUUANG PAG-EKLIPSE NG ARAW - 21 Agosto 2017

Maligayang pagdating sa Estados Unidos!

Kami ay nasisiyahan sa inyong pagpiling bumisita sa aming bansa upang makaranas ng isang kabuuang Pag-eklipse ng Araw, at nais naming makita ng lahat ang kahanga-hanga na kaganapang ito ng ligtas!

*Kami ay nagbibigay ng mga instruksyon sa Filipino para sa iyong kaginhawaan. Ang Ingles na bersyon ng mga instruksyon, direksyon, payo at disclaimer na ito (ang “Mga Instruksyon”), ay ang opisyal at kumpletong mapagkukunan ng impormasyon at patnubay para sa wasto at tamang paggamit ng Pangmasid sa Araw para sa direktang panonood ng Araw. Ang mga Instruksyon ay makikita sa <http://tinyurl.com/viewer-instructions>, at dapat mong basahin, maunawaan at sundin ang mga ito upang magamit ang mga Pangmasid sa Araw. **Ang pagkabigong sundin ang mga Instruksyon ay maaaring magresulta sa malubhang personal na pinsala.***

Tinawag ng mga astronomo ang pag-eklipse ng Agosto 21, 2017 isang “kabuuang pag-eklipse”, ngunit upang makita ito, kailangang ikaw ay matatagpuan sa loob ng isang napaka-makitid na kapisasong lupa na tumatawid sa USA (na tinatawag na “Daan ng Kabuuan”). Kung wala ka sa daan na ito, makikita mo lamang ay isang bahagyang pag-eklipse! Samakatuwid, napakahalaga na malaman kung ikaw ay nasa daan ng kabuuan, at ang paraan na inyong gagamitin ay ipapaliwanag sa ilang sandali.



Daan ng Kabuuan

GABAYAN SA MABILIS NA SIMULA

DETALYADONG INSTRUKSYON

Ang terminong “Pangmasid sa Araw”, tulad ng ginagamit sa dokumentong ito, ay nauunawaan na kumakatawan sa “Solar Viewer” na tinukoy sa loob ng Ingles na disclaimer na nilalaman sa ibang bahagi ng dokumentong ito.

Ang iyong paggamit ng Pangmasid sa Araw upang tingnan ang Araw ay bumubuo ng isang legal na kasunduan. Kailangan mong tumpak at ganap na sundin ang lahat ng mga instruksyon, payo at direksyon na nilalaman sa loob ng Instruksyon, upang gamitin ang Pangmasid sa Araw sa pag-observa ng Araw sa anumang oras. Kung hindi mo maunawaan ang Instruksyon, o kung hindi mo masusunod ang mga ito nang ganap at tama, o kung hindi ka sumasang-ayon sa kanilang mga tuntunin, ikaw ay inaatasan at pinapayuhan na huwag tangkaing tingnan ang Araw sa anumang oras, gamit ang anumang paraan.

GABAYAN SA MABILIS NA SIMULA NG PAGGAMIT NG PANGMASID SA ARAW

Ang Mabilis na Pagsimula na ito ay pinaikli mula sa [detalyadong hanay ng mga Instruksyon sa Filipino](#), na dapat mong basahin, maunawaan at sundin ng lubusan upang gamitin ang Pangmasid sa Araw upang tingnan ang pag-eklipse.

- 1) Hanapin ang iyong lokasyon sa <http://tinyurl.com/find-times>, at alamin kung makikita ang kabuuan ng eklipse doon o hindi, pati na rin ang tinatayang oras pagkontak para sa bahagya at (kung naaangkop) kabuuang bahagi para sa lokasyon na iyon.
- 2) Ang isang kabuuang pag-eklipse ay isang kamangha-manghang kaganapan, ngunit maaari ka lamang makakaranas ng kabuuan kung ikaw ay matatagpuan sa loob ng “daan ng kabuuan” - Na kung saan ay may isang daang milya ang lapad. Kung ang kabuuan ay hindi makikita mula sa iyong nakaplanong lokasyon sa panonood, masidhi naming pinapayo na lumipat sa ibang posisyon na sa loob ng daan ng kabuuan!
- 3) Sa paggamit ng Pangmasid sa Araw upang makita ang pag-eklipse, hawakan ang lens materyal nito nang direkta sa ibabaw ng iyong mga mata, upang ganap itong protektado mula mismo sa pagtingin sa Araw.
- 4) Kailan gamitin ang Pangmasid sa Araw na ito upang tumingin sa Araw:
 - a. Kung ang pag-eklipse ay **HINDI KABUUAN** sa iyong lokasyon, tingnan ito sa pamamagitan ng Pangmasid sa Araw sa lahat ng oras. **NANGANGANIB MAPINSALA ANG IYONG MGA MATA KUNG TUMINGIN KA SA ARAW, NA WALANG TAMANG PAMPROTEKSYON!**
 - b. Kung ang pag-eklipse ay **KABUUAN** sa iyong lokasyon, **DAPAT** mong tingnan sa pamamagitan ng Pangmasid sa Araw kahit anumang maliwanag na bahagi ng disko ng Araw - kahit isang maliit na parte ang nakikita. **NANGANGANIB MAPINSALA ANG IYONG MGA MATA KUNG HINDI NASUSUNOD ANG HAKBANG NA ITO!**
 - i. Gayunpaman, **sa maikling panahon ng kabuuan LAMANG**, kapag walang maliwanag na bahagi ng disko ng Araw ang makikita, dapat kang direktang tumingin sa kabuuang pag-eklipse nang hindi gumagamit ng Pangmasid sa Araw.
 - ii. Sa katunayan, kapag subukan mong gamitin ang Pangmasid sa Araw upang tumingin sa eklipse sa panahon ng kabuuan, ay wala kang makikita!
 - iii. **DAPAT** kang bumalik sa paggamit ng Pangmasid sa Araw sa lalong madaling panahon pagkatapos ng kabuuan, at ang maliwanag na bahagi ng disko ng Araw ay babalik sa iyong paningin.

- 5) Sa ibang salita,

KUNG LUMALABAS ANG ANUMANG BAHAGI NG MALIWANAG NA DISKO NG ARAW DAPAT GAMITIN ANG PANGMASID SA ARAW PARA TUMINGIN NITO!

DETALYADONG INSTRUKSYON PARA SA PAGGAMIT NG PANGMASID SA ARAW

Una, mayroong ilang terminolohiya na kailangang maunawaan!

Sa bawat pag-eklipse, at sa bawat lokasyon sa lupa, may mga pangalan na ibinibigay sa oras ng ilang mga mahalagang kaganapan. Ito ay kilala bilang:

Pangalan ng Kaganapan	Paglalarawan ng Kaganapan	Ano ang Mukha nito (Para sa isang Kabuuang Eclipse)	Ano ang Mukha nito (Para sa isang Bahagyang Eclipse)
C1	Ang simula ng bahagyang bahagi		
C2	Ang simula ng kabuuan		** Hindi gaganap! **
Kalagitnaan ng pag-eklipse	Ang kalagitnaang punto ng pag-eklipse		
C3	Ang pagtatapos ng kabuuan		** Hindi gaganap! **
C4	Ang dulo ng bahagyang bahagi		

1) PANGKABUUANG INSTRUKSYON PARA SA PAGGAMIT NG PANGMASID SA ARAW


- 1) [kung maaari] Maingat na ilabas ang Pangmasid sa Araw sa pakete.
- 2) Panatilihing protektado ang Pangmasid sa Araw kapag hindi ginagamit.
- 3) Siyasatin ang Pangmasid sa Araw bago gamitin, kung ang lens film ay may sira o kunot sa anumang paraan, putulin ito at sirain, at [kumuha ng isang maayos na kapalit](#).
- 4) Kung ang lens film ay nasira sa anumang paraan, huwag gamitin ang mga Pangmasid sa pagtingnin sa Araw sa anumang oras.
- 5) Huwag alisin ang film materyal ng lens mula sa Pangmasid sa Araw, at huwag gamitin ang inalis na film materyal upang tingnan ang Araw sa anumang paraan.
- 6) Ang tamang pagkalagay, na maayos na lens ng mga Pangmasid sa Araw ay ligtas na haharang sa mga mapanganib na antas ng nakikitang ilaw, pati na rin ang nakakapinsalang UV at iba pang mga solar rays. Samakatuwid, ligtas gamitin ang mga Pangmasid sa Araw, ayon sa direksyon na ibinigay sa pamamagitan ng mga instruksyong ito, upang tingnan ang Araw sa anumang oras. Walang mga espesyal na “eclipse rays” na ginagawang higit pa o mas mababa ang panganib sa paningin sa panahon ng pag-eklipse.
- 7) **Kailangan mong gamitin ang mga Pangmasid sa Araw, sa paraang inilarawan dito, upang tingnan ang Araw na ligtas tuwing ANUMANG maliwanag na bahagi ng disko ng Araw ay makikita. Ito ay totoo alintana ng anumang beses ng ugnayan ng pag-eklipse (katulad, “C2” at “C3” tulad ng inilarawan sa itaas) na naitala mula sa anumang pinagmulan.**
- 8) Huwag gamitin ang mga Pangmasid sa Araw sa anumang kumbinasyon sa teleskopyo, binokulo, camera, lens, salamin, o anumang iba pang mga instrumentong optikal, aparato o bagay na maaaring magpadala o sumalamin ng liwanag (“aparotong optikal”).
- 9) Huwag ituro ang anumang naturang aparatong optikal patungo sa Araw, at huwag direktang tingnan ang imahe ng Araw sa paggamit ng anumang aparatong optikal na nakaturo sa Araw, o sa anumang paraang nagtitipon, nagpopokus, o nagre-redirect ng liwanag sa Araw.
- 10) Huwag payagang gamitin ang mga Pangmasid sa Araw ng mga hayop, o kung sinuman na mayroon pansamantalang kapansanan, hindi nakabasa, naunawaan at sumunod sa mga kinakailangan para sa ligtas na paggamit ng Pangmasid sa Araw, o legal na tumatanggap ng responsibilidad para sa mga kahihinatnan ng kanilang mga pagkilos.
- 11) Upang gamitin ang Pangmasid sa Araw:
Hawakan ang Pangmasid sa pagitan ng iyong mga mata at sa Araw, at tumingin sa pamamagitan ng maayos na lens materyal ng Pangmasid patungo sa Araw, nang pinapanatili ang lens materyal ng Pangmasid sa lahat ng oras sa pagitan ng iyong mga mata at sa Araw. Sa kaso ng Pangmasid sa Araw na naka hugis bilang salamin sa mata na gawa sa karton, maaari mong tiklupin ang karton sa pamaraan ng karaniwang pagsuot ng salamin sa mata ang Pangmasid sa Araw. Huwag kailanman tumingin direkta sa Araw habang ito ay hindi sa kabuuang pag-eklipse (iyon ay, sa panahon ng oras sa pagitan ng C2 at C3 na tandaan sa tsart sa ibaba, kung ang naturang oras ay naaangkop para sa iyong lokasyon ng panonood), maliban kung ikaw ay naghahanap ng direkta sa pamamagitan ng maayos na materyal na lens ng Pangmasid sa Araw.
- 12) Huwag gumamit ng anumang materyal o bagay, bukod sa lens ng Pangmasid sa Araw na nakakabit sa kanilang mga hawakan na bilang orihinal na pagkakagawa, bilang proteksyon ng mata habang sinusubukan na tingnan ang Araw.
- 13) Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa mga instruksyong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Eclipse2017.org sa <http://tinyurl.com/viewer-questions>.



2) ALAMIN ANG PARTIKULAR NA ORAS NG PAG-EKLIPSE SA INYONG LOKASYON

Batay sa impormasyong ibinigay sa <http://tinyurl.com/find-times> para sa iyong lokasyon, kumpletuhin ang sumusunod na pahayag:

Para sa aking lokasyon, pag-eklipse ay:



(bilugan ang isa)

Kung ang pag-eklipse ay **KABUUAN** sa
iyong lokasyon, sundin ang mga
instruksyon na nilalaman sa loob ng

**“ANG PAG-EKLIPSE AY
KABUUAN
PARA SA AKING LOKASYON”**

[Seksyon sa ibaba:](#)

Kung ang pag-eklipse ay **HINDI KABUUAN**
sa iyong lokasyon, sundin ang mga
instruksyon na nilalaman sa loob ng

**“ANG PAG-EKLIPSE AY
HINDI KABUUAN
PARA SA AKING LOKASYON”**

[Seksyon sa ibaba:](#)

**** ANG PAG-EKLIPSE AY *KABUUAN* PARA SA AKING LOKASYON ****

Ikaw ay na sa daan ng kabuuan, at makakaranas ng isang bihirang at kamangha-manghang kaganapan! Ito ay lubos na mahalaga para sa iyo upang matukoy kapag ang pag-eklipse ay kabuuan sa iyong lokasyon. Magagawa mong gawin ito sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga oras na isinaad sa ibaba, at dahil walang maliwanag na bahagi ng disko ng Araw na makikita sa panahon ng kabuuan.

- 1) Batay sa impormasyong ibinigay ng <http://tinyurl.com/find-times> para sa iyong partikular na lokasyon, isulat ang tinatayang oras para sa bawat pag-eklipse kaganapan na nakalista sa ibaba (siguraduhing [baguhin ang oras batay sa iyong time zone](#)!):

Bago C1	* Walang pag-eklipse *				DAPAT mong gamitin ang Pangmasid sa Araw
C1	Bahagyang bahagi nagsisimula sa:				DAPAT mong gamitin ang Pangmasid sa Araw
C2	Kabuuang bahagi nagsisimula sa:				Pagkatapos ng C2 , puwede mong tingnan gamit ang mga mata lamang
Kalagitnaan ng Paglaho	Mangyari sa:				Puwede mong tingnan gamit ang mga mata lamang!
C3	Kabuuang bahagi natatapos sa:				KAILANGANG gamitin ang Pangmasid sa Araw ulit
C4	Bahagyang bahagi natatapos sa:				DAPAT mong gamitin ang Pangmasid sa Araw
Pagkatapos C4	* Walang pag-eklipse *				DAPAT mong gamitin ang Pangmasid sa Araw

- 2) Kahit na ikaw ay matatagpuan sa loob ng daan ng kabuuan, dapat mo pa ring gamitin ang mga Pangmasid upang tingnan ang araw sa lahat ng oras bago C2 o pagkatapos ng C3, kapag ang pag-eklipse ay hindi kabuuan.

- 3) Maaaring LAMANG direktang obserbahan ang Araw sa iyong mga mata (nang hindi gumagamit ng mga Pangmasid sa Araw) :
- kung ang pag-eklipse ay kabuuan sa iyong lokasyon (ikaw ay “nasa daan”), AT
 - sa panahon ng mga oras ng kabuuan (humigit-kumulang sa loob ng C2 hanggang C3 para sa iyong lokasyon na iyong kinilala sa itaas), AT
 - tuwing ang maliwanag na disko ng Araw ay GANAP na natakpan ng buwan.**

Ang aktwal na oras ng kabuuan ay lubhang iiba depende sa iyong eksaktong lokasyon, kaya dapat mong makilala at naitala ang tinatayang beses sa simula pa. Ang mga oras na narekord sa itaas ay hindi eksakto!

- 4) Muli, hindi isinasaalang-alang ng anumang oras na nabanggit sa itaas na listahan, o nakalap mula sa anumang panlabas na pinagmulan, **dapat mong palaging tingnan ang Araw gamit ng Pangmasid tuwing ANUMANG BAHAGI ng maliwanag na disko ng Araw ay makikita.**
- 5) Ang mga instruksyon na ito ay may kalakip ng mga graphical na paliwanag bilang gabay sa pag-unawa.
-

Dapat mong basahin, maunawaan, at sundin ang mga sumusunod na pahayag:

**DAPAT KO SUNDIN ANG LAHAT NG MGA INSTRUKSYON
HINGGIL SA PAGGAMIT NG PANGMASID SA ARAW,
UPANG GAMITIN ANG MGA ITO NG LIGTAS.**

**KUNG ANG ANUMANG BAHAGI NG MALIWANAG NA
DISKO NG ARAW AY MAKIKITA, DAPAT KONG GAMITIN
ANG PANGMASID KAPAG TUMITINGIN AKO SA ARAW.**

**** ANG PAG-EKLIPSE AY *HINDI KABUUAN* PARA SA AKING LOKASYON ****

Ikaw ay wala sa daan ng kabuuan, at kaya hindi mo na mararanasan ang kagandahan ng isang kabuuang pag-eklipse. (Masidhi naming inirekumenda na muling iposisyon ang iyong sarili sa loob ng daan ng kabuuan upang ibahagi sa ito ang kahanga-hangang karanasan!)

- 1) Batay sa impormasyong ibinigay ng <http://tinyurl.com/find-times> para sa iyong partikular na lokasyon, isulat ang tina-tayang oras para sa bawat pag-eklipse kaganapan na nakalista sa ibaba (siguraduhing [baguhin ang oras batay sa iyong time zone!](#)):

Bago C1	* Walang pag-eklipse *				DAPAT mong gamitin ang Pangmasid sa Araw
C1	Bahagyang bahagi nagsisimula sa:				DAPAT mong gamitin ang Pangmasid sa Araw
Kalagitnaan ng Paglaho	Mangyari sa:				DAPAT mong gamitin ang Pangmasid sa Araw
C4	Bahagyang bahagi natatapos sa:				DAPAT mong gamitin ang Pangmasid sa Araw
Pagkatapos C4	* Walang pag-eklipse *				DAPAT mong gamitin ang Pangmasid sa Araw

(Tandaan na walang C2 at C3 nakalista, dahil pag-eklipse ay hindi kabuuang sa iyong lokasyon!)

- 2) Dahil ang pag-eklipse ay hindi kabuuan kung nasaan ka, kailangan mong palaging gamitin ang Pangmasid upang obserbahan ang Araw. Muli, inirekumenda namin na maglakbay sa daan ng kabuuan. Siguraduhing dalhin ang iyong Pangmasid sa Araw kasama mo, sa gayon ay maaari mong ligtas na ma-obserbahan ang mga bahagyang bahagi ng pag-eklipse!
- 3) Ang mga instruksyon na ito ay may kalakip ng mga grapikal na paliwanag bilang isang dagdag sa pag-unawa.

Dapat mong basahin, maunawaan, at sundin ang mga sumusunod na pahayag:

DAPAT KO SUNDIN ANG LAHAT NG MGA INSTRUKSYON HINGGIL SA PAGGAMIT NG PANGMASID SA ARAW, UPANG GAMITIN ANG MGA ITO NG LIGTAS.

DAPAT LAGI KONG GAGAMITIN ANG PANGMASID KAPAG TUMITINGIN AKO SA ARAW.